

## PANG-UNANG LUNAS NG PAGGAGAMOT PARA SA ANAPHYLAXIS (FIRST AID TREATMENT FOR ANAPHYLAXIS)

Ang Anaphylaxis ay isang matinding reaksiyon ng alerdyi at inilalagay sa panganib ang buhay. Ito ay palaging dapat tratuhing dagliang medikal na pangangailangan (medical emergency), na kinakailangang kaagad na malunasan. Karamihan sa mga kaso ng anaphylaxis ay nagaganap matapos na ang taong may matinding di-pagkahiyang (allergy) ay malantad sa 'allergen' na hindi nila kahiyang (kalimitang pagkain, insekto o gamot).

### BAHAGYA HANGGANG KATAMTAMANG REAKSYON NG ALERDYI

Sa ilang mga kaso, may nauunang mga senyales ang anaphylaxis mula sa bahagya hanggang katamtamang reaksiyon ng alerdyi:

- Pamamaga ng mukha, mga labi at mata
- Mga pamamantal o latay sa balat
- Pangiginig ng bibig
- Sakit sa tiyan, sumusuka (ito ay mga senyales ngbahagya hanggang katamtamang di-pagkahiyang na reaksiyon sa karamihan ng 'allergens', subali't sa di-pagkahiyang sa insekto, ito ay mga senyales ng isang anaphylaxis).

### AKSYON

- Para sa alerdyi sa insekto, pitiking palabas ang tibo (sting) kung nakikita ito (ngunit huwag aalisin ang mga garapata (ticks))
- Samahan ang tao at humingi ng tulong
- Bigyan ng mga gamot kung niresetahan (habang ang di-nakakaantok na antihistamines ay maaaring ipainom para sa katiting hanggang katamtamang reaksiyon sa alerdyi, kung ito ay mauwi sa anaphylaxis, ang adrenaline lang ang nababagay na panglunas)
- Hanapin ang **adrenaline autoinjector** kung mayroon (kabilang ang mga tagubilin na nasa ASCIA Action Plan for Anaphylaxis na kasamang nakatabi ng adrenaline autoinjector)
- Tawagan ang magulang/tagapag-alaga o iba pang pang-emergency na kontak.

### ANAPHYLAXIS (MATINDING REAKSYON NG ALERDYI)

Patuloy na bantayan kung lababas ang alinman sa sumusunod na mga senyales ng anaphylaxis (matinding reaksiyon ng alerdyi):

- Mahirap/maingay na paghinga
- Pamamaga ng dila
- Pamamaga/paninikip ng lalamunan
- Nahihirapan sa pagsasalita at/o garalgal ang boses
- Humuhuni o walang patid na pag-ubo
- Walang tigil na pagkahilo o nahihimatay
- Pamumutla at nanlalambot(sa mga batang edad na kabataan)

### AKSYON

- **Ihiga ang tao nang padiretso- kung nahihirapang huminga, paupuin- huwag silang patayuin o papaglakarín**
- **Iturok ang adrenaline autoinjector** kung mayroon (ang mga tagubilin ay nasa ASCIA Action Plan for Anaphylaxis na kasamang nakatabi ng adrenaline autoinjector)
- **Tumawag ng Ambulansya** (Telepono 000 sa Australia, 111 sa New Zealand)
- Tawagan ang magulang/tagapag-alaga o iba pang pang-emergency na kontak
- Karagdagang dosis ng adrenaline ay maaaring iturok (kung mayroon pang isang adrenaline autoinjector na magagamit), kung walang talab pagkalipas ng 5 minuto.

**Kung may duda, iturok ang adrenaline autoinjector.**

**Umpisahan ang CPR anumang oras kung ang tao ay hindi sumasagot at hindi humihinga ng normal.**

**Kung hindi natitiyak kung ito ay hika (asthma) o anaphylaxis, iturok UNA ang adrenaline autoinjector, pagkatapos isunod ang gamot sa hika (asthma reliever).**

### TANDAAN: (NOTE:)

- **Ang Adrenaline ay panligtas ng buhay at kailangang gamitin kaagad-agad. Ang pagpigil o pag-antala sa pagbibigay ng adrenaline ay magreresulta ng paglala ng kalagayan at pagkamatay.** Ito ang dahilan kung bakit ang pagtuturok ng adrenaline autoinjector ang siyang unang tagubilin na nakalagay sa ASCIA Action Plan for Anaphylaxis. Kung bibigyan ng cardiopulmonary resuscitation (CPR) bago pa ang hakbang na pagturok, mayroong panganib na ang adrenaline ay maantala o hindi maibigay.
- **Sa loob ng ambulansya** ang oksiheno (oxygen) ay kalimitang pinapagamit sa pasyente ng mga paramedics.
- **Pag-oobserbang Medikal** sa pasyente nang hindi bababa sa 4 na oras ay inirerekomenda matapos ang anaphylaxis.
- **Adrenaline autoinjectors** ay makukuha sa Australia at New Zealand kabilang ang EpiPen<sup>®</sup> at EpiPen<sup>®</sup> Jr. Ang EpiPen Jr ay kalimitang inirereseta sa mga batang nasa edad na 1 hanggang 5 taon.

© ASCIA 2015 Para sa karagdagang impormasyon sa anaphylaxis bisitahin ang [www.allergy.org.au](http://www.allergy.org.au) – ang web site ng ASCIA.

Ang ASCIA ay ang pinakamataas na samahang propesyonal ng mga espesyalista sa pangklinikang immunology/allergy sa Australia at New Zealand.